

Ang Dapat Mong Malaman Tungkol sa Pagsusuri ng TB sa Balat


Sa pamamagitan ng pagpapasuri at pagpapagamot para sa **tuberkulosis (tuberculosis, TB)** ay mapoprotektahan mo ang iyong sarili, ang iyong pamilya at mga kaibigan, at ang iyong komunidad. May dalawang uri ng pagsusuri para sa impeksyon ng TB: ang pagsusuri ng TB sa dugo at pagsusuri ng TB sa balat. Ang dokumentong ito ng katotohanan ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pagsusuri ng TB sa balat.

Pagsusuri ng TB sa Balat

Ang pagsusuri ng TB sa Balat, na kilala rin bilang tuberculin skin test, ay maaaring gamitin upang malaman kung impektado ka ng mga mikrobyo ng TB. Ang manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan ay gagamit ng isang maliit na karayom at magtuturok ng kaunting pansubok na likido (tinatawag na tuberculin) sa balat sa ibabang bahagi ng iyong braso.



Pagkatapos na Sumailalim Pagsusuri ng TB sa Balat



Pagkatapos ng pagsusuri, kailangang iwasan mo ang paggamit ng mga bendahe, ang paglalagay ng losyon, o ang pagkamot sa lugar na sinuri sapagkat maaari itong makaapekto sa mga resulta. Maaari mong hugasan ng tubig ang lugar na tinurukan, subalit huwag punasan o kuskusin. Kung ang paligid nito ay mangati, lagyan ito ng yelo o malamig na tela.

Pagkatapos ng 2 o 3 araw, dapat kang bumalik para basahin ng manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan ang pagsusuri sa iyong balat. Maaaring magkaroon ka ng pamamaga o ng isang bukol kung saan itinurok ang likidong pansubok. Susukatin ng manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan ang bukol o ang pamamaga na ito at sasabihin sa iyo kung ang iyong reaksyon sa pagsusuri ay positibo o negatibo.

Kung hindi ka makakabalik sa loob nang 2 hanggang 3 araw, kakailanganing ulitin muli ang pagsusuri sa balat.


Bumalik upang mabasa ang pagsusuri sa iyong balat



Petsa: _____

Oras: _____

Lokasyon: _____



Ang mga mikrobyo ay kumakalat sa pamamagitan ng hangin mula sa isang tao patungo sa isa pa. Maaaring mahawa ng TB ang sinuman. Ang mga mikrobyo ng TB ay karaniwang umaatake sa mga baga subalit maaaring lumipat sa anumang bahagi ng iyong katawan.

Ang bakteryang responsable sa pagkakaroon ng TB ay maaaring mamuhay sa katawan sa loob nang maraming tao nang walang mga sintomas. Tinatawag itong impeksyong latent na TB o hindi aktibong TB. Ang mga taong may hindi aktibong TB ay walang mga palatandaan at sintomas ng sakit na aktibong TB at hindi nila maikakalat ang bakteryang TB sa iba.

Kung hindi magagamot, ang hindi aktibong TB ay maaaring maging aktibong sakit na TB anumang oras at magdulot sa iyo ng sakit. Kung hindi magagamot nang maayos, ang sakit na aktibong TB ay maaaring makamatay.





Kung ang pagsusuri sa iyong balat ay POSITIBO:

- May mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan.
- Ang pagsusuri ay **hindi** nagsasabi kung mayroon ka bang sakit na hindi aktibo o aktibong TB. Kakailanganin mo ang iba pang mga pagsusuri, tulad ng isang eksaminasyong pisikal, x-ray sa dibdib, at gawaing panglaboratoryo upang malaman kung ikaw ay mayroong sakit na aktibong TB.
- Kapag sa pagsusuri ay makikitang positibo ka sa TB, palagi kang magkakaroon ng positibong pagsusuri sa balat kahit pa nakumpleto mo na ang paggamot ng TB. Humingi sa iyong doktor ng isang nakasulat na rekord ng iyong positibong resulta ng pagsusuri sa balat. Makakatulong ito kung hihingin sa iyo sa hinaharap na magkaroon ng isa pang pagsusuri.



Kung ang pagsusuri ng TB sa iyong balat ay NEGATIBO:

- Walang reaksyon ang katawan mo sa pagsusuri. Maaaring wala kang sakit na hindi aktibo o aktibong TB.
- Maaaring kailanganin mo ang iba pang mga pagsusuri kung:
 - » May mga sintomas ka ng sakit na aktibong TB, tulad ng pag-ubo, pananakit ng dibdib, lagnat, pagbaba ng timbang, o pagkapagod.
 - » Mayroon kang impeksyong HIV.
 - » Kamakailan ka lamang nalantad sa mga mikrobyo ng TB. Maaaring kailanganin mo ng pangalawang pagsusuri sa balat 8 hanggang 10 linggo pagkatapos ng huling pakikisalamuha mo sa taong may sakit na aktibong TB. Ito ay dahil maaaring tumagal nang ilang linggo pagkatapos ng impeksyon bago may reaksyon ang iyong immune system sa pagsusuri ng TB sa balat. Kung nagatibo ang reaksyon mo sa pangalawang pagsusuri, malamang na wala kang sakit na hindi aktibo o aktibong TB.

Tumanggap Ka Ba Ng Bakunang Bacille Calmette-Guérin (BCG)?



Ang BCG ay isang bakuna para sa TB. Ang bakunang ito ay hindi malawakang ginagamit sa Estados Unidos. Maraming tao na ipinanganak sa labas ng Estados Unidos ang nakatanggap ng bakuna sa TB na BCG.

Madalas itong ibinibigay sa mga sanggol at maliliit na bata sa ibang mga bansa na mas karaniwan ang TB. Pinoprotektahan nito ang mga bata sa mga bansang iyon mula sa pagkaroon ng malubhang anyo ng sakit na aktibong TB, tulad ng meningitis na TB. Nawawala ang proteksyon sa TB habang tumatanda ang mga tao.

Hayaan ang iyong manggagawang pangkalusugan na malaman kung dati ka nang nabakunahan gamit ang bakunang BCG TB.

Sa ilang tao, ang bakuna sa TB na BCG ay maaaring maging sanhi ng positibong pagsusuri ng TB sa balat kahit pa hindi sila impektado ng mga mikrobyo ng TB. Hindi tulad ng pagsubok ng TB sa balat, ang mga pagsusuri ng TB sa dugo ay hindi apektado ng naunang pagbabakuna sa BCG. Samakatuwid, ang mga pagsusuri ng TB sa dugo ang mas gustong pagsusuri para sa mga taong nakatanggap na ng bakunang BCG.

Magagamot ang TB

Kung mayroon kang hindi aktibong TB, makakagamit ka ng gamot upang mapigilan ang paglala ng sakit na aktibong TB kahit pa wala kang nararamdamang sakit.

Ang mga mikrobyo sa TB ay maaring mabuhay sa iyong katawan sa loob ng maraming taon nang hindi nagdudulot ng mga sintomas. Kung hindi magagamot, ang hindi aktibong TB ay maaaring maging sakit na aktibong TB at magkakasakit ka.

Kung nakita na mayroon kang sakit na aktibong TB, kakailanganing gamitin mo at tapusin ang lahat mong gamot sa TB. Ito ay upang matulungan ka na mas bumuti ang iyong pakiramdam at mapigilang magkasakit ang iba pang mga tao.

